**ACCESS o Screener Pangkalahatang Kahusayan:**
**Petsa ng Pagsusulit:**
**☐Entering ☐Emerging ☐Developing ☐Expanding ☐ Bridging ☐ Reaching**

Mahal na Magulang o Tagapangalaga,

Nakilala ang iyong mag-aaral para sa programang English Language Learners (ELL) batay sa impormasyon ng wika na ibinigay sa Parent Questionnaire (PQ), na nakumpleto sa unang pagpaparehistro ng iyong mag-aaral sa Anchorage School District (ASD). Ang ASD ay may pananagutan sa pagkilala at pagtukoy kung ang mga mag-aaral na nagkaroon ng impluwensya ng isang wika maliban sa Ingles sa kanilang kasaysayan ay kwalipikado para sa programa ng ELL. Ang pinakahuling pagtatasa ng kasanayan sa wikang Ingles ng iyong mag-aaral ay nagpapahiwatig na natutugunan niya ang pamantayan para sa programa. Ang kanyang kabuuang iskor mula sa pagtatasa na ito ay minarkahan sa itaas. Upang tingnan ang kasaysayan ng pagsusulit ng iyong mag-aaral, pakiusap na tingnan ang seksyon ng Testing Results sa Parent Connect.

Nasa ibaba ang impormasyon tungkol sa mga modelo ng suporta ng aming ELL program. Ang paglalagay para sa mga kursong ito ay batay sa antas ng kasanayan sa Ingles na tinutukoy ng pinakahuling pagsusulit sa ACCESS at petsa ng pagpasok sa programa pati na rin ang kasalukuyang pagganap ng kurso at pangangailangan ng mag-aaral.

**ELL Core Courses: (ELA) Sining ng Wikang Ingles, Algebra 1, Araling Panlipunan, Agham**

Ang mga kursong ito ay sinadya upang magbigay ng suportadong pag-access sa pinagtibay ng distrito na pangunahing kurikulum sa antas ng baitang

**Tutorial sa ELL (High School at ilang Middle Schools)**

Ang mga kursong ito ay sinadya na magbigay ng nakabalangkas na suporta upang bumuo ng kalayaan at pagtitiwala sa gawaing pang-klase mula sa mga pangunahing kurso at matiyak na ang mga hadlang na nauugnay sa ELL sa tagumpay sa akademiko ay natugunan

**Mga Kurso sa Pagpapaunlad ng Wikang Ingles: Mga Antas 1-3 (High School at ilang Middle School)**

Ang mga kursong ito ay sinadya upang magbigay ng pagtuturo sa pagkuha at pag-unlad ng wika at pagtaas ng mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat upang mas mahusay na ma-access ang mga pangunahing klase sa akademiko

- Ang Antas 1 ay nakatutok sa pagpapataas ng mga kasanayan sa akademikong Ingles ng mga mag-aaral ng ELL sa mga larangan ng Pagsasalita, Pakikinig, Pagbasa, at Pagsulat na sinusukat ng mga antas ng kasanayan sa WIDA at pagtuturo ng mga panimulang kasanayan sa pagbasa at pagsulat upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na bago sa wikang Ingles.

- Ang Antas 2 ang pagtutuon ng pansin sa pagpapaunlad ng mga mag-aaral sa ELL ng kanilang kasanayan at aplikasyon ng akademikong Ingles sa pamamagitan ng mga istrukturang aralin sa Pagpapaunlad ng Wikang Ingles at mga pag-uusap sa akademiko; pagsasagawa ng matagumpay na kasanayan sa scaffolding o unti-unting pag-alis ng suporta at patnubay habang natututo at nagiging mas mahusay ang mag-aaral, upang suportahan sila sa mga pangunahing klase sa akademiko
- Ang Antas 3 ay nakatuon sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa pagsulat at gramatika para sa mga intermediate na mag-aaral ng ELL; patuloy na bumuo ng mga kasanayan sa komunikasyon, bokabularyo sa wikang Ingles, at pag-unawa sa mga istrukturang panggramatika

Natutugunan ng programa ng ELL ang mga layuning itinakda para sa mga mag-aaral na may limitadong kasanayan sa Ingles at mayroong kapansanan sa pamamagitan ng pagsunod sa patakaran ng ASD tungkol sa mga mag-aaral na may mga kapansanan. Ang impormasyong ito ay matatagpuan sa ASD website: https://www.asdk12.org/domain/1242

Upang makalabas sa programang ELL, ang iyong mag-aaral ay dapat magkaroon ng kahusayan (proficiency) sa taunang pagtatasa ng kasanayan sa wikang Ingles, ACCESS, na ibinigay tuwing Pebrero. Upang tingnan ang kasaysayan ng pagsusulit sa pagtatasa ng kasanayan sa wikang Ingles ng iyong mag-aaral, pakiusap na tingnan ang seksyong Test Results sa Parent Connect. Ang mga mag-aaral na pumasok sa ELL Program sa antas ng Entering at tumatanggap ng pare-parehong suporta sa ELL sa ASD ay may posibilidad na lalabas sa programa sa loob ng 3-5 akademikong taon.

Ang pamantayan sa paglabas ng programa ay itinakda ng AK Department of Education and Early Development (DEED). Ang pamantayan sa paglabas ngayong taon ay ang mga sumusunod:

**Pangkalahatang/Composite** iskor na **4.5 o mas mataas**
Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong anak para sa anumang mga katanungan, alalahanin, o kung gusto mo ng nakalimbag na kopya ng liham na ito.

Upang tingnan ang impormasyon tungkol sa akademikong pag-unlad ng iyong anak, pakiusap na mag-log in sa Q Parent Connect gamit ang personal identification number (PIN) na ibinigay ng paaralan.

Ang kasalukuyang apat na taong graduation rate para sa mga mag-aaral na kinilala bilang ELL ay makikita sa Equity Dashboard sa pamamagitan ng pag-click sa Outcomes by Group. Ang LEP ay ang tawag sa grupo para sa mga mag-aaral ng ELL.

Hinihikayat ka naming maging aktibong kalahok sa edukasyon ng iyong anak. May karapatan kang:

- humiling ng mga regular na pagpupulong upang talakayin ang pag-unlad ng wika at pag-unlad ng akademiko ng iyong anak.

- talikdan ang mga serbisyo sa programang ito (kailanganin pa rin ang iyong anak na kumuha ng taunang pagtatasa ng WIDA). Pakiusap na makipag-ugnayan sa iyong paaralan para sa karagdagang impormasyon.

English Language Learners Program
Anchorage School District